# Balitang Manmin

BILANG 162 AGOSTO 21, 2016


# “Binago ng Ebanghelyo ng Kabanalan ang Buhay Namin!”




Napakinggan at nalaman ng mga pastor at mananampalataya mula sa buong mundo ang tungkol sa ebanghelyo ng kabanalan at mga sermon ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee dahil sa iba't ibang sangay ng pagbabalita tulad ng pagbobrodkast, paglalathala, at mga seminar para sa mga pastor. Ibinabahagi ng mga pastor at mga mananampalataya ang ebanghelyo ng kabanalan sa kanilang mga bansa bilang isang tungkulin at pangitain. Bumisita ang iba sa kanila sa Manmin Central Church at dumalo sa mga pagsamba at pulong-panalanging Daniel kahit malayo sa Korea ang tirahan nila. Natutuhan nila kung paano magsulong ng buhay na karapat-dapat sa ebanghelyo, at tumanggap sila ng malaking pagpapala at maraming biyaya.

Naipangaral na sa buong mundo at sa lahat ng denominasyon ang napakamahalagang mensahe ng ebanghelyo ng kabanalan. Ibinigay ito sa Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa inspirasyon ng Banal na Espiritu pagkatapos ng hindi mabilang na pananalangin at pag-aayuno. Pinasigla at pinalakas nito ang espiritu ng mga pastor at mananampalataya sa buong mundo na nauuhaw sa salita ng buhay at sa mga pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos.

Noong Hunyo 2016, nagrehistro ang Bethsaida Missionary Center sa Congo (BMCC) bilang sangay na iglesya ng Manmin. Nabalitaan nila ang tungkol sa mga espirituwal na mensahe at makapangyarihang pagkilos ni Dr. Jaerock Lee mula kay Bishop Dr. Myongho Cheong, Tagapangulo ng United Holiness Church of Jesus Christ, Africa. Ang BMCC ay isang malaking grupo, mayroon silang sariling mga sentro ng edukasyon tulad ng middle at high school, unibersidad, at isang kolehiyo ng teolohiko. Hiniling sa Manmin ni Bishop Dr. Kabutu Biriage na ihatid sa kanila ang ebanghelyo ng kabanalan sa pamamagitan ng mga seminar at ang iba pang programa ng Manmin International Seminary.Samantala, sa Pilipinas, magmula nang marinig ng mga pastor ang mga sermon ni Dr. Lee, ginagamit na nila ang mga librong isinulat nito sa kanilang pag-aaral. Nakakaranas sila ng mga positibong pagbabago sa mga ministeryo nila. Sinabi ni Pastor Raymundo Kandelaria na nagsikap siyang magpabanal nang simulan niya ang pag-aaral ng mga sermon ni Dr. Lee. Tumatanggap ng maraming pagpapala ang mga miyembro ng iglesya niya mula sa salita ng buhay kapag ipinapangaral niya ito. Ayon sa kanya, sumisiglang muli ang iglesya niya. Napakinggan ni Kapatid Steephy Mehreen, mula sa Pakistan, ang sermon ni Dr. Lee sa seminar ni Pastor Taesik Gil. Dahil dito, nakaranas siya ng pagbabago sa buhay. Isinasalin niya ngayon ang mga sermon sa wikang Urdu. Maraming mga pastor na Pakistani ang natuto ng ebanghelyo ng kabanalan (Basahin ang pahina 4).

Nagkataong napanood ni Kapatid Gulbahar Schindler, taga-Switzerland, ang programa ni Dr. Lee na ‘The Word of Life’ (Ang Salita ng Buhay) na ipinalalabas sa TBN Russia, namangha siya dito. Tiningnan niya ang website ng Manmin Central Church at pinakinggan ang napakaraming sermon na ipinapangaral ni Dr. Lee. Pinawi nito ang pagkauhaw ng espiritu niya. Pumunta siya sa Manmin Central Church sa Seoul, Korea, nagkaroon siya ng malaking pagpapala. Nang umuwi siya sa Switzerland, ibinahagi niya ang ebanghelyo sa mga kakilala niya at nagsimula siya ng iglesya sa tahanan niya mismo (Switzerland Home Church). Umaasa siya at ang asawa nyang si Schindler Jurg na magising mula sa pagkakatulog ang espiritu ng mga iglesya sa Europa.

Itinatag din ang Ile-de-France Manmin Church ng isang taong tumanggap ng pagpapala mula sa salita ng buhay na ipinapangaral ni Dr. Lee. Pinakinggan ni Kapatid Janet Dubray ang dose-dosenang sermon ni Dr. Jaerock Lee na nasa website ng iglesya. Para sa kanya, kasing tamis ng pulot ang mga salitang ito. Kahit magkaiba ang oras, sinimulan niyang daluhan ang mga pagsamba ng Manmin Central Church habang ipinapalabas ito sa internet. Habang nagaganap ang pagsamba, nanalangin si Dr. Lee para sa mga maysakit, gumaling siya mula sa alta-presyon. Humanga ang mga kasamahan niya sa trabaho sa pagbabago niya, sumama sila sa kanya sa pagdalo ng mga pagsamba. Gumaling din ang mga karamdaman nila. Isa-isang sumama ang iba pang mga katrabaho hanggang dumami na ang mga sumasamba. Ito ang naging simula ng pagkakatatag ng Ile-de-France Manmin Church.

Itinatag din ang Hainaut Manmin Church sa Belgium dahil may isang taong gustong magpatuloy sa pakikinig ng mga sermon ni Dr. Lee pagkatapos mapakinggan ang sermon na inihatid ni Pastor Christina Roh. Binubusog ang mga miyembro ng iglesyang ito ng salita ng buhay, gumagaling sila mula sa mga karamdaman, at tinutupad ang mga minimithi ng kanilang mga puso.

Panahon ng taggutom ngayon, hindi para sa pagkain o tubig, kundi sa pakikinig ng salita ng PANGINOON. Gayon pa man, panahon din ngayon ng pagpapala dahil sumusulong ang kaalaman at teknolohiya na tumutulong sa mga tao na mapakinggan ang salita ng buhay kahit na anong oras at kahit saan man.

### Mapapakinggan Ninyo ang may 1,850 mga Sermon ni Dr. Jaerock Lee mula sa Genesis Hanggang sa Pahayag

Ipinaliwanag ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang kalooban ng Diyos tungkol sa kaligtasan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo sa serye ng sermon na “The Message of the Cross” (Ang Mensahe ng Krus). Ipinangaral niya ang mga mensahe na magsisilbing gabay sa buhay ng isang mananampalataya tulad ng “The Measure of Faith” (Ang Sukat ng Pananampalataya), “Heaven” (Langit), at “Hell” (Impiyerno). Bukod dito, nakapagturo na rin siya tungkol sa Genesis, Aklat ni Job, Kawikaan, Ebanghelyo ayon kay Juan, 1 Mga Taga-Corinto, at Pahayag. Sa mahigit 1,850 mga sermon, ipinakita niya ang paraan kung paano tatanggap ng mga kasagutan at mga biyaya mula sa Diyos. Ang mga sermon sumasaklaw sa Biblia mula Genesis hanggang Pahayag ay maaaring basahin sa website ng iglesya www.manmin.org sa wikang English, Japanese, Chinese, French, Spanish, at Russian. Mayroon din sa website ng GCN, www.gcntv.org, na nakakaabot sa mahigit 170 mga bansa; at sa 386 mga libro ni Dr. Lee na isinalin sa 61 wika (104 sa wikang Koreano, 368 na e-book sa 51 iba't ibang wika, www.urimbooks.com).

# Bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas Natin? (2)



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas."
(Ang Mga Gawa 4:12)

•••

Sa nakaraang isyu ng *Balitang Manmin*, sinabi ko na ayon sa batas ng pagtubos ng lupain (Levitico 25:23-27), na una sa lahat, dapat tao ang Tagapagligtas ng sangkatauhan na may espiritu, kaluluwa, at katawan; at pangalawa, hindi inapo ni Adan na nagkasala.

Pag-aralan natin ngayon ang pangatlo at pang-apat na katangian at ang dahilan kung bakit tanging ang Panginoong Jesus lang ang karapat-dapat maging Tagapagligtas.

### 1. Mayroong espirituwal na kapangyarihan si Jesus para talunin ang kaaway na diyablo

Kinakailangang may angking lakas ang isang sundalo para talunin ang kaaway para mailigtas niya ang kasamahang sundalo na binihag sa labanan. Tulad nito, ang pagliligtas ng sangkatauhan, na naging alipin ng kaaway na diyablo, ay nangangailangan ng espirituwal na kapangyarihan na makakatalo dito. Sa espirituwal na kaharian, ang kapangyarihan ay nagmumula sa pagiging dalisay at busilak, walang pagkakasala.

May dalawang klaseng kasalanan: ang orihinal na kasalanan at ang sariling pagkakasala. Ang 'orihinal na kasalanan' ay tumutukoy sa kasalanan na minana mula kay Adan at mga magulang natin. Ang 'sariling pagkakasala' ay mga kasalanang ginagawa ninyo habang nabubuhay kayo dito sa mundo. Pinaniniwalaan ng mga tao sa mundo na kahit gaano kasama ang puso ng isang tao, pero hindi naman isasagawa ang mga kasamaang nasa puso niya, hindi ituturing na 'makasalanan' ang taong iyon. Pero sa usaping espirituwal, makasalanan ang isang tao kung may itinatago siyang kasalanan sa puso niya (1 Juan 3:15; Mateo 5:28). Walang kapangyarihang magligtas ng sangkatauhan ang isang taong may kasalanan sa puso at sa gawa.

Bukod dito, ang lahat ng taong ipinanganak pagkatapos magkasala ni Adan ay ipinanganak na may orihinal na kasalanan. Gumagawa sila ng mga kasalanan habang nabubuhay sila. Sa kabilang banda, si Jesus ay ipinaglihi ng Banal na Espiritu, hindi Siya inapo ni Adan. Ipinanganak si Jesus na walang minanang orihinal na kasalanan, at dahil ganap ang pagsunod Niya sa Salita ng Diyos mula nang ipanganak Siya, hindi Siya gumawa ng kahit na anong kasalanan habang nabubuhay Siya dito sa mundo (Sa Mga Hebreo 7:26; 1 Pedro 2:22).

Kaya may kapangyarihan si Jesus na iligtas ang sangkatauhan mula sa kaaway na diyablo. Hindi Siya nakagapos sa sumpa ng Batas na nagsasabing, "ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan" (Mga Taga-Roma 6:23). Dahil wala Siyang kasalanan, pwedeng iligtas ni Jesus ang lahat ng makasalanan sa pamamagitan ng espirituwal na kapangyarihan Niya, pwede Niyang pagharian ang lahat ng bagay sa sansinukob.

Ang Batas na ito ng espirituwal na kaharian ay hindi lang para kay Jesus, para din ito sa mga anak ng Diyos na nagtitiwala kay Jesus. Sinumang nagmamahal sa Diyos at nabubuhay ayon sa Salita Niya ay may espirituwal na kapangyarihan, kaya kapag palalayasin nila ang kaaway na diyablo at Satanas sa pangalan ni Jesu-Cristo, walang magagawa ang mga ito, dapat silang sumunod at lumayas.

Maraming beses ko nang naranasan ito. Bago ako naging mananampalataya sa Diyos, problema ko ang pagbabayad ng mga gamot at pagpapaospital dahil nagdusa ako sa iba't ibang klaseng karamdaman sa loob ng pitong taon. Pero, nang tanggapin ko ang Panginoon, nabuhay ako ayon sa Salita kaya nanatiling ligtas at malusog ang buong pamilya ko, hindi nila kinailangang magpaospital.

Bukod dito, kapag nag-utos at nanalangin ako sa pangalan ni Jesu-Cristo, gumagaling ang mga taong nagdurusa sa mga hindi gumagaling at nakamamatay na mga karamdaman tulad ng kanser, lukemya, at AIDS, hindi mabilang ang mga gumaling na bulag, bingi, pipi, pinalabas ko ang nakakalasong carbon-monoxide sa katawan ng ilang tao, at ang mga masasamang espiritu ay naitaboy ko.

Wala ni isa sa kasaysayan ng sangkatauhan – maliban kay Jesus – ang nagtataglay ng mga katangian ng isang Tagapagligtas. Sina Buddha, Confucius, at Socrates ay ipinanganak na may orihinal na kasalanan dahil mga inapo sila ni Adan; tanging si Jesus lang ang karapat-dapat na maging Tagapagligtas ng sangkatauhan.

### 2. Kayang isakripisyo ni Jesus ang Kanyang buhay dahil sa pag-ibig

Kung paparusahan ang isang tao dahil hindi ito makabayad ng utang, makakaligtas ito sa parusa kung may mayamang kapatid na magbabayad ng utang para sa kanya. Babayaran ng mayamang kapatid ang mga utang niya kung minamahal siya nito kahit maging kawalan pa ito sa kanya. Walang halaga ang kayamanan kung walang pagmamahal sa kapwa.

Ang lupain any pwedeng tubusin ayon sa batas ng pagtubos ng lupain kapag nakahandang tumulong ang pinakamalapit na kamag-anak ng nagbenta ng lupa dahil sa pagmamahal nito. Tulad din ito sa pagtubos ng sangkatauhan mula sa kanilang mga kasalanan.

Kahit natutugunan ni Jesus ang tatlong naunang kondisyon para maging Tagapagligtas, pero kung wala naman Siyang pagmamahal, hindi Niya tutubusin ang mga makasalanan mula sa kanilang mga kasalanan. Para maging Tagapagligtas ng sangkatauhan, kinakailangang dumaan Siya sa matinding pagdurusa at dalamhati, tinatawag itong, "parusa sa pamamagitan ng kamatayan" para sa mga makasalanan. Sa bandang huli, si Jesus ay itinuring bilang pinakamalala at pinakamasamang kriminal, hinamak at kinamuhian siya, ipinako sa krus, at pinabayaang dumanak ang lahat ng tubig at dugo mula sa katawan Niya.

Kahit maraming paraan para patayin at parusahan ang mga kriminal, ayon sa batas ng espirituwal na kaharian, ang Tagapagligtas na tutubos ng mga makasalanan mula sa kanilang mga kasalanan ay hindi lang basta mamamatay kundi dapat Siyang ibitin sa krus na kahoy at mamatay dahil sa pagdanak ng dugo. Mababasa sa Galacia 3:13, "Tinubos tayo ni Cristo mula sa sumpa ng kautusan nang Siya'y naging sumpa para sa atin – sapagkat nasusulat, 'Sumpain ang bawat binibitay sa punungkahoy.'"

Ang tinutukoy na "sumpa ng kautusan" dito ay ang espirituwal na kautusan sa Mga Taga-Roma 6:23, "Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan." Dahil kamatayan ang sumpa ng kautusan sa taong makasalanan ayon sa batas ng espirituwal na kaharian, maililigtas ng Tagapagligtas ang sangkatauhan mula sa kanilang mga kasalanan kung ito ay aayon din sa kautusan ng espirituwal na kaharian. Ibig sabihin, dapat ibitin ang Tagapagligtas sa krus na kahoy para sa mga isinumpang makasalanan.


Tungkol din ito sa pagdanak ng dugo hanggang sa mamatay ang Tagapagligtas. Mababasa sa Levitico 17:14, "Sapagkat ang buhay ng lahat ng laman ay ang dugo nito," at ipinapaalala sa atin ng Sa Mga Hebreo 9:22, "Sa katunayan, sa ilalim ng kautusan, halos lahat ng mga bagay ay nililinis ng dugo, at kung walang pagdanak ng dugo ay walang kapatawaran ng mga kasalanan." Sa espirituwal na diwa, ang "dugo" ay "buhay". Kinakailangan ang dugo ng Tagapagligtas para mapatawad ang mga makasalanan at makatanggap ng buhay.

Pero hindi basta matutubos ang tao mula sa mga kasalanan nila ng dugo ng kahit sinong taong ibibitin sa krus kundi ng dalisay at malinis na dugo na walang bahid ng kasalanan. Sa palagay ninyo, ano ang dahilan kung bakit payag dumaan sa malupit na kamatayan ang walang kasalanang tao para sa iba?

Ang sakripisyong ito ay mangyayari kapag minamahal ng taong ito ang iba nang higit pa sa buhay niya. Magiging Tagapagligtas Siya kung ang pag-ibig Niya sa mga makasalanan ay sapat para akuin Niya ang kahabag-habag na pagdurusa sa krus para sa kanila. Dahil sa ipinakita ni Jesus ang ganitong klaseng pag-ibig, Siya ay naging Tagapagligtas (Mga Taga-Roma 5:7-8).

Mga kapatid kay Cristo, hindi nagbabago ang pag-ibig ng Diyos, hindi ito makasarili. Dahil sa pag-ibig na ito, ibinigay ng Diyos ang bugtong na Anak Niya kahit sa mga makasalanang sumusuway. Tunay ang pag-ibig ni Jesus kaya nagawa Niyang magsakripisyo ng sariling buhay para sa mga nang-alipusta at nagpako sa kanilang Tagapagligtas.

Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na nawa ay matanto ng bawat isa sa inyo na tanging si Jesus lang ang ating Tagapagligtas. Tanggapin ninyo si Jesu-Cristo, hindi lang kayo maliligtas, magkakaroon pa kayo ng tunay na pananampalataya at maghahatid ng hindi mabilang na iba pa sa daan patungo sa kaligtasan.



## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)


Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church


Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr


Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee    Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Ang Karunungang Magbibigay ng mga Kasagutan

Sinasabi ng Mga Kawikaan 12:8, "Pinupuri ang tao ayon sa kanyang katinuan," maraming tauhan sa Biblia ang nakatanggap ng mga papuri at kasagutan dahil sa kanilang karunungan. Pag-aralan natin ang mga ipinakita nilang karunungan na nagdala sa kanila ng mga kasagutan mula sa Diyos.

## Pagsunod,
### Gumaling ang Ketong ni Naaman

Naisulat sa 2 Mga Hari, Kabanata 5 na si Naaman, punong kawal ng hukbo ni Haring Aram ay isang ketongin. Nabalitaan niya ang tungkol kay Eliseo, isang lingkod ng Diyos, mula sa bihag na dalagita na taga-Israel na katulong ng asawa niya. Pinuntahan ni Naaman si Eliseo para hilinging mapagaling ang kanyang ketong. Mabuting tao si Naaman, pinakinggan niya ang bihag na dalagita nang magdala ito ng mabuting balita.

Pagpunta niya, hindi nagpakita si Eliseo, may ipinasabi lang ito sa isang sugo para kay Naaman, "Humayo ka at maligo sa Jordan ng pitong ulit." Nagalit si Naaman at umalis. Ngunit lumapit sa kanya ang kanyang mga lingkod at nakiusap sa kanya. Pinakinggan niya ang mga ito at sinunod ang sinabi ni Eliseo. Muling nakita ang pagpapakumbaba ni Naaman, nakikinig siya sa ibang tao.

Tinanggal ni Naaman ang pagmamataas at kayabangan niya, pinagtiwalaan niya ang Salita ng Diyos. Binigyan siya ng karunungang mula sa Diyos, ito ay pagkamasunurin, at ito ay naging daan para lubos na gumaling ang kanyang ketong. Kung susundin natin ang Salita ng Diyos, tatanggapin natin ang mga biyayang ikabubuti ng lahat ng bagay at kalusugan kung paanong nasa mabuti ring kalagayan ang ating mga kaluluwa (3 Juan 1:2).

## Pananampalataya,
### Tinanggap ng Senturion ang Kasagutan na Lumalampas sa Lugar at Panahon

Sa aklat ng Mateo, kabanata 8, naisulat ang tungkol sa isang Senturion na taga-Roma, nakabalita ito tungkol kay Jesus, pinuntahan niya ito at hiniling na pagalingin ang kanyang lingkod. Minamahal niya ang lingkod niya tulad ng pagmamahal niya sa sarili. Agad siyang sinagot ni Jesus, "Pupuntahan Ko siya at pagagalingin." Pero sinabi ng senturion, "Sabihin Mo lamang ang salita at gagaling ang aking alipin."

Matapang niyang ipinakita ang pananampalataya niya dahil nakahanda siyang sumunod sa salita ni Jesus (Mateo 8:9). Nagtiwala siya na mapapagaling ang lingkod niya sa pamamagitan ng salita ni Jesus. Nagpakumbaba siya at nakahandang lubos na sumunod kahit senturion na siya ng Imperyo ng Roma. Dahil dito, agad niyang tinanggap ang kasagutan.

Nang gamitin ni Jesus ang orihinal na tinig na nagsabi sa senturion ng, "Humayo ka na; mangyayari para sa iyo ang ayon sa iyong pananampalataya," agad gumaling ang lingkod niya.

## Pagpapakumbaba,
### Tinanggap ng Babaing Sirofenisa ang Kasagutan

Sa Marcos, Kabanata 7, nakasulat ang tungkol sa babaing Hentil na ang lahi ay Sirofenisa. May anak siyang batang babae na sinaniban ng masamang espiritu. Hiniling niya kay Jesus na palayasin ang demonyo mula sa anak niya. Pero hindi inasahan ang naging sagot ni Jesus, "Hayaan mo munang mapakain ang mga anak sapagkat hindi marapat na kunin ang tinapay ng mga anak at ihagis ito sa mga aso." Pero ipinakita pa rin ng babae ang pananampalataya niya nang may pagpapakumbaba, sinabi niya, "Panginoon, kahit na ang mga aso sa ilalim ng hapag ay kumakain ng mga nalaglag na pagkain ng mga anak." Tinanggap niya ang kasagutan, lumaya ang anak niya mula sa masamang espiritu.

Kung may karunungan tayo tulad ng taglay ng babaing Sirofenisa, mapagkumbaba tayong maghahangad ng mga espirituwal na bagay. Hindi natin ipagmamalaki ang mga bagay na naglalaho, hindi natin babalewalain ang mga espirituwal na bagay. Maghahangad tayo ng mga espirituwal na bagay na hindi naglalaho kahit kailangan nating magpakumbaba nang paulit-ulit.

Para makamit natin ang kasagutan mula sa Diyos, hilingin natin ang pagpapala Niya at magpakita tayo ng hindi nagbabagong pananampalataya kahit ano pa ang sabihin ng ibang tao. Hahaplusin nito ang puso ng Diyos, pagagalingin Niya tayo mula sa kahit na anong karamdaman at lulutasin ang lahat ng klaseng problema.

## Kabutihan,
### Kabilang si Ruth sa Angkan ni Jesus

Sa Aklat ni Ruth, pinili niya na ituloy ang tungkulin bilang manugang kahit hindi ito makakabuti sa kanya dahil kailangan niyang magsakripisyo. Hindi siya nagbago at naging tapat siya sa paglilingkod sa biyenan niya. Nakita ng mga tao sa Bethlehem ang mabubuting bagay na ginawa niya. Tinubos siya ni Boaz, pinakasalan siya nito. Dahil dito, nakabilang siya sa angkan ni Jesus kahit siya ay isang Hentil.

Ang totoong mabubuting tao ay hindi humihinto sa paggawa ng kabutihan kahit paulit-ulit. Hindi sila nagbabago sa paggawa ng kabutihan, nagsasakripisyo sila para sa kapakanan ng iba, at sumusunod sa tungkulin bilang tao para malugod ang Diyos. Tatanggap din tayo ng mga biyaya mula sa Diyos kung gagawa tayo ng mabuti at susundin ang mabuting konsiyensya. Sundin natin ang kalooban ng Diyos nang may karunungan at kabutihan tulad ni Ruth.

## Hindi Makasarili,
### Naligtas si Cornelio at ang Kanyang Pamilya

Pwedeng sabihing marunong ang isang tao kung inuuna niya ang kapakanan ng ibang tao, hindi siya makasarili, kumikilos siya ayon sa katotohanan at pag-ibig. Sa Ang Mga Gawa Kabanata 10, si Cornelio ay isang senturion ng tinatawag na pulutong Italiano ng Imperyo ng Roma. Siya ay taong matapat at may takot siya at ang buong pamilya niya sa Diyos. Mas mabuti ang mga salita at gawa ng mga taong may takot sa Diyos, habang iwinawaksi nila ang kasamaan sa puso nila at napupuno ito ng kabutihan.

Hindi sila gumagamit ng mga salitang nakakasakit ng damdamin ng ibang tao at nagbibigay ng kalungkutan sa kanila. Gumagamit sila ng masisiglang salita na nakapagbibigay ng kapahingahan at lakas ng loob, at mga makatotohanang salita na nagbibigay ng buhay. Kumikilos sila ayon sa kabutihan, banal na kabutihang-loob, at pag-ibig.

Makakapagkawanggawa tayo kung may pag-ibig at awa tayo sa mga kaluluwa. Kahit isang Hentil si Cornelio, nagbigay siya ng limos sa mga Judio na inaapi at nilulupig ng Imperyo ng Roma. Dahil dito, pinuri siya ng mga Judio. Nakarating sa Diyos ang kabutihang gawa ni Cornelio kaya pinagpala siya, siya at ang pamilya niya ay naligtas.

***

May pagkakapareho ang mga ama ng pananampalataya sa Biblia; sinusunod nila ang Salita ng Diyos, marangal, ginawa ang tungkulin bilang tao, at kumilos nang may ganap na katuwiran. Ang mga taong marunong at marangal ay iginagalang ng ibang tao dahil wala silang malaking pagkakasala at pagkakamali.

May mga taong nagsasabing kumikilos sila ayon sa pananampalataya, pero hindi sila marangal at masipag dahil makasarili ang motibo nila. Ang mabubuting tao ay marangal at masipag dahil naniniwala sila na pagpapalain sila ng Diyos. Makakarating sila sa daan patungo sa mga pagpapala na inihahanda ng Diyos. Sinasabi ng Mga Kawikaan 11:3, "Ang katapatan ng mga matuwid ang pumapatnubay sa kanila..."



# “Gustung-gusto ng mga Pakistani ang mga Sermon ni Dr. Jaerock Lee!”

Kapatid Steephy Mehreen, 21 taong gulang, Pakistan

Noong Nobyembre 2011, dumalo ako sa isang seminar para sa mga pastor sa Pakistan, si Pastor Taesik Gil ang namuno dito (Daejeon Manmin Church). Malaki ang ipinagbago ng buhay ko mula noon.

Kasama kong dumalo ang kapatid kong lalaki, babae, at ang aming ama na nagpapastor sa John Wesley Methodist Church. Namangha kami sa seminar na ibinase sa mga sermon ni Dr. Jaerock Lee at sa banal na pagpapagaling na naganap. Pagkatapos, binasa namin ang librong *Tasting Eternal Life before Death*, tungkol ito sa mga patotoo ni Dr. Lee, at ang *Ang Mensahe ng Krus*, hinaplos nito ang mga puso namin.

Naantig ang damdamin ko habang binabasa ang librong *Tasting Eternal Life before Death*, kung paanong hinirang ng Diyos si Dr. Jaerock Lee ayon sa kalooban Niya. Natutuhan ko ang tungkol sa kalooban ng Diyos na nakapaloob sa pagdurusa ni Jesus sa librong *Ang Mensahe ng Krus*. Dahil sa mga librong ito, mas napalapit kami sa Diyos.

Noong taong 2012, ako at ang kapatid kong babae ay pumasok sa Manmin International Seminary dahil gusto naming mas matuto pa. Lumago ang espiritu namin habang pinag-aaralan namin ang mahiwagang espirituwal na kahulugan ng Salita ng Diyos.

Pinanood din namin ang mga programa ng GCN sa website ng iglesya, www.manmin.org. Tumanggap kami ng maraming pagpapala sa panonood ng mga ito, hinangad namin na mas maraming tao sa Thatta ang makapakinig ng magagandang sermon at programa para matulungan ang mga espiritu nila. Idinalangin ko ito.

Mabuti na lang, sinagot ng Diyos ang panalangin ko. Ipinalabas sa lugar namin ang mga programa ng GCN sa tulong ni Pastor Gil. Tuwang-tuwa kaming buong pamilya, niluwalhati namin ang Diyos. Magmula noong taong 2014, isinasalin ko ang mga sermon ni Dr. Lee sa wikang Urdu sa isang programa, napapanood na ng mga tao ang anim na sermon sa isang araw sa cable TV.

Tumatanggap ako ng maraming pagpapala kapag isinasalin ko ang mga sermon ni Dr. Lee, puno ng buhay ang mga ito. Parami nang parami ang nanonood nito, umabot na sa dalawandaan. Dumadalo na sa iglesya namin ang iba dito.

Dati, ayaw magsimba ng iba sa kanila, pero nang mapakinggan nila ang mga sermon ni Dr. Lee, dumalo sila. Huminto na sila sa panonood ng ibang programa sa cable TV, naging tagahanga na sila ng GCN TV. Marami akong naririnig na patotoo mula sa kanila. Gumaling mula sa mga karamdaman ang mga manonood na Muslim at Cristiano. Hallelujah!

May isang babaing nagngangalang Sheenza, matagal ng mataas ang presyon ng dugo niya at maysakit pa sa puso. Pero gumaling ang mga karamdaman niya dahil sa panalangin ni Dr. Lee. Lumago ang pananampalataya niya, maayos niyang isinusulong ang buhay niya bilang isang Cristiano ngayon. Inanyayahan niya ang isang babaing Muslim na manood ng mga programa, gumaling din ang sakit na nararamdaman nito sa kanyang tuhod dahil sa panalangin.

Maraming himala na ang nagawa ng makapangyarihang Muan Sweet Water (Exodo 15:25). Winisikan ko nito ang isang babaing baog. Hindi nagtagal, nagbuntis ito. Sa taong ito, nagbukas ako ng on-line Manmin Bible College, ang layunin nito ay maibahagi ang ebanghelyo ng kabanalan sa mas maraming pastor. Isandaan at apatnapu’t limang miyembro kabilang na ang mga bishop at mga pastor ang sabay-sabay na nag-aaral dito. Sabi nila, tinutulungan sila ng libro ni Dr. Lee na *Ang Mensahe ng Krus* na madama ang tunay na pag-ibig ng Diyos, at ito’y may inspirasyon mula sa Banal na Espiritu. Nais nilang magpasalamat ng taos puso kay Dr. Lee na nagbigay sa kanila ng espirituwal na handog tulad nito.

Gustung-gusto kong dalhin ang kaharian ng Diyos sa bansa kong Pakistan na isang Islamic Republic. Gusto ko ring maglingkod sa Manmin Central Church. Dahil dito, noong nakaraang taon, pumunta ako sa Korea para mas matuto, tinulungan ako ni Pastor Gil. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagturo sa akin ng ebanghelyo ng kabanalan at nagpakilala sa akin kay Dr. Jaerock Lee.





Si Kapatid Mehreen, nagsasalin ng sermon sa wikang Urdu (kaliwa) at ang kanyang pamilya (kanan)

# “Nawala ang Bato sa Pantog na may Sukat na 1.3sm!”

Diakonesa Sujin Yim,
53 taong gulang, Parokyang Tsino



Noong Agosto 2015, nanakit ang likuran ko nang matindi. Nahiga ako sa kama, pero pagkatapos ng isang oras tumayo ako dahil napakasakit pa rin ng likuran ko. Napakasakit at napakahirap umihi.

Nasuring mayroon akong bato sa pantog. Sinabi ng doktor ko na hindi ito pwedeng tanggalin sa pamamagitan ng laser, dapat akong maoperahan. Pero, nagdesisyon ako na hilingin sa Diyos na Siya ang magpagaling sa akin.

Noong taong 2009, nagsimula akong dumalo sa Manmin Central Church. Natutuhan ko ang tungkol sa kalooban ng Diyos tungkol sa pagsunod sa buong Sabbath at pagkakaloob ng buong ikapu sa mga sermon ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, sinunod ko ito. Gumaling ang nakausling buto sa gulugod ko at ang lahat ng masasakit na bahagi ng katawan ko. Gusto ko rin sanang mawala ang bato sa pantog ko sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos.

Noong Oktubre 2015, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee pagkabalik niya mula sa bundok panalanginan. Bumaba siya para sa pagsamba sa ika-33 pagdiriwang ng anibersaryo ng iglesya. Pagkatapos ng panalangin, araw-araw kong pinakinggan ang mga sermon, pinagsisihan ko ang hindi ko paglilinis ng puso ko. Mainitin ang ulo ko noon, at ipinipilit ko sa iba ang gusto ko. Natanto ko na hindi ako sumusunod sa kalooban ng Diyos kahit batid ko na ang tungkol dito. Lubos ang ginawa kong pagsisisi. Nawala ang pananakit na nararamdaman ko. Noong Oktubre 23, pumunta ako sa ospital, sa isinagawang pagsusuri, hindi na nakita ang bato sa pantog ko. Hallelujah!


Nagdusa ako sa sakit na dulot ng bato sa pantog na may sukat na 1.3sm. Sinabi sa akin na mahirap tanggalin ito dahil malaki na, dapat akong maoperahan. Pero dahil sa kapangyarihan ng Diyos, nawala na lang ito. Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay para sa Diyos na buhay na nagpakita sa akin ng kamangha-manghang kapangyarihan.

Bago ipanalangin



Ang bato sa pantog, nasa kaliwa, may sukat na 1.3sm

Pagkatapos ipanalangin



Nawala na ang bato

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714